
Pagmamapa sa Kasaysayan ng Blaan sa Kabacan, Cotabato Mula sa Kanilang Kuwentong Bayan

NELIA O. DU

Instructor, University of Southern Mindanao

nodu@usm.edu.ph

ORCID No. 0009-0007-4434-0970

Abstrak — Layunin ng ng pag-aaral na matukoy ang kasaysayan ng mga Blaan sa Brgy. Pisan, Kabacan mula sa kanilang Kuwentong Bayan. Ginamit ang Kwalitatibong disenyo ng pananaliksik at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partikular ang kontent analisis. Ang pamaraang ginamit ay pamaraang indihenus o pangkatutubo.

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga Kuwentong Bayan ay nagsasalaysay ng mga paglalakbay ng mga tauhan upang maghanap ng makakain, manghuli ng hayop sa gubat, dahil sa paanyaya ng pamilya o kakilala, pagdalo sa mga pagdiriwang at iba pa. Ang mga paglalakbay na ito ng mga tauhan sa kuwento ay iniuugnay sa pagdating ng mga Blaan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. ginagamit sa iba't ibang pagdiriwang.

Napatunayan na maaaring matalunton ang kasaysayan ng Blaan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato sa kanilang Kuwentong Bayan. Ipinakitang ang kanilang paglalakbay ay bunga ng kanilang mga pangangailangan at karanasan na pangunahing iniuugnay sa proseso ng pagbuo ng kanilang pamayanan sa Pisan.

Mga Susing Salita: Blaan, Kasaysayan, Kuwentong Bayan, Kabacan

I. INTRODUKSYON

Ang mga oral na tradisyon ay bahagi na ng buhay ng mga Pilipinas. Ayon sa ulat ng UNESCO, ito ay ginagamit upang ipasa ang kaalaman, kultura at sosyal na pagpapahalaga at kolektibong alaala. Mahalaga ang ginagampanan nito upang mapanatili ang kultura (<https://ich.unesco.org/en/oral-traditions-and-expressions-00053?>). Ang Kuwentong Bayan ay isang uri ng oral na tradisyon. Bilang bahagi ng oral na tradisyon, nagsiilbi itong tagapag-ingat ng kolektibong alaala at kaalamang pangkultura ng isang komunidad.

Tinalakay sa artikulo ni Bruchac et al. (2024) na ang kahalagahan ng mga oral na panitikan ay nagsisilbing batayan sa pag-alam sa kasaysayan at karanasan ng isang pangkat. Ipinapahiwatig lamang nito na ang mga oral na panitikan tulad ng Kuwentong Bayan ay maaaring matalunton ang mga nangyari sa mga kasapi ng pangkat.

(https://academic.oup.com/editedvolume/58215?searchresult=1&utm_source)

Napatunayan sa pag-aaral ni Benito (2020) na ang mga awiting bayan at naratibo ng mga B'laan ay kasasalaman ng kanilang paniniwala, pagpapahalaga at gawi. Ang mga naratibong ito ay nagsasalaysay ng kanilang paraan ng pamumuhay sa panahon na ang kanilang mga ninuno ay nangangaso upang may makakain.

https://www.philair.org/index.php/jpair/article/view/771?utm_source

Katulad din sa natuklasan ni Sumaljang (2009) sa kanyang pag-aaral hinggil sa pangkat ng mga Blaan, natuklasan niyang ang mga oral na naratibo ng mga Blaan ay kinapapalooban ng kanilang kultura, at sumasalamin sa paraan ng pamumuhay ng Filipino na karaniwan sa pagpapahalaga na nagpapakilala ng kanilang identidad at ito rin ay may mga edukasyonal na pagpapahalaga.

Labis namang pinahahalagahan ni Trocio (2023) ang Flalok o ang Kuwentong Bayan ng mga Blaan. Nabuo niyang konklusyon sa isinagawa niyang pagsusuri sa mga Flalok ng mga Blaan ay nagpapakita ng kanilang pamantayan sa pagpapahalaga sa pamilya, pagbibigay ng pag-iingat sa teritoryo at mga larong nagbibigay-halaga sa pagbuo ng desisyon.

Mapapansin na mula sa mga isinagawang pag-aral, kadalasang sinuri ang mga pagpapahalaga ang kultura at karanasan. Dahil dito, nananatiling may puwang sa literatura hinggil sa pagsusuri sa mga Kuwentong Bayan bilang tagapag-ingat ng kolektibong alaala at historikal na kamalayan ng mga Blaan. Gayunpaman, higit na sinuri sa mga naisagawang pag-aaral ang aspektong pampanitikan, pangkultura at pang-edukasyon sa halip na suriin ang mga ito bilang mga historikal na salaysay na naglalaman ng kolektibong alaala at mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang pangkat at kasaysayan.

Laynin ng pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na taluntunin ang kasaysayan ng Blaan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang Kuwentong Bayan.

II. METODOLOHIYA

Ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang kombinasyon ng pamaraang palarawan at pamaraang indehinus o pangkatutubo. Sinuri ang mga nakalap na Kuwentong Bayan sa pamamagitan ng palarawan/deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis.

Ang pananaliksik ay isinagawa sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. Ang nasabing barangay ay isa sa mga barangay na bumubuo sa bayan ng Kabacan ilalim ng probinsiya ng Cotabato.

Binubuo ang mga kalahok ng anim na impormante na pinili sa pamamagitan ng purposive at convenience sampling sa pagpili ng mga impormante. Sila ay (1) katutubong Blaan ng Pisan, Kabacan, Cotabato; (2) may edad apatnapu (40) pataas; (3) malawak ang kaalaman tungkol sa kulturang Blaan; at (4) maalam tungkol sa oral na panitikan ng Blaan.

Ang mga nakalap na Kuwentong-Bayan ay sumailalim sa pagsasalin at back translation upang makatiyak na walang nabago sa orihinal na nilalaman nito. Ito ay isinagawa ng mga propesyonal na Blaan na maalam sa wikang Filipino at Blaan.

Tinukoy mula sa nilalaman ng mga Kuwentong-Bayan ang kasaysayan at pagkakailanlan ng pangkat ng Blaan na kasalukuyang naninirahan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato.

III. RESULTA NG PAG-AARAL

Ang liping B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato ay may mayamang kultura. Sila ay may malawak na karanasan na siyang bumuo sa kanilang kasaysayan. Ang kasaysayang ito ay nakatutulong upang lalong maunawaan ang pangkat na ito.

Ang mga Kuwentong Bayan ng Blaan ay nagsasalaysay ng kanilang mayamang karanasan at kultura. Ang mga Blaan na naninirahan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato ay hindi talaga ipinanganak dito. Batay sa mga impormante, sila ay nagmula sa Tulunan, Cotabato. Ayon sa mga impormante, ang mga pangkat ng mga Blaan mula sa Tulunan, Cotabato ay nagtungo sa iba't ibang lugar upang maghanap ng ikabubuhay, sila'y nangaso at ipinagbibili o ipinagpalit sa iba pang pagkain o kagamitan sa lugar na kanilang narating.

Noong 1950 ay nagkaroon ng giyera sa pagitan ng pangkat ng mga Blaan at mga Muslim sa Lampagang, Tulunan, Cotabato. Pinag-aagawan ng dalawang panig ang lupa sa Lampagan. Parehong nagsasabing sila ay may-ari ng lupa. Maraming buhay ang nalagas sa pagitan ng dalawang panig at nanalo ang mga Blaan. Hanggang sa muli na namang nagkaroon ng labanan sa pagitan ng mga B'laan at mga NPA sa pareho pa ring dahilan. Nagpatuloy ang gulo sa pagitan ng dalawang panig sapagkat pinaninindigan na sila ang karapat-dapat na manirahan sa lugar na ito.

Samantala, taong 1953 nang unang nakatapak sa masukal na gubat ng Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato ang isang B'laan na taga-Lampagan, Tulunan North Cotabato dahil sa kasintahang Manobo na naninirahan sa Pisan. Ang Manobong ito ay dayuhan din sa lugar na ito na nakahanap ng katahimikan sa gubat ng Pisan kaya't piniling dito na lamang manirahan sampu

ng kanyang mga katribu. Nagkakilala ang dalawa dahil na rin sa paglalakbay ng mga B'laan sa paghahanap ng ikabubuhay at paghahanap ng matitirahan na makakamtan ang katahimikan.

Ito ay sinusuportahan ng ulat ng United Nations (2016) na nagsasabing sa kaso ng Mindanao, sa nakalipas na apat na dekada na nagkakaroon ng paglikas dahil sa mga nagaganap na giyera sa kanilang lugar. Nangangailangang ito ng pinalakas na pagsisikap upang magkaroon ng kapayapaan at maihanap ng makabuluhang solusyon ang maraming taong sapilitang lumikas.

Tinalakay sa artikulo ni Arellano (2023) mula kay Simmkins (1965) na ang paglikas ng mga Pilipino ay dahil sa paghahanap ng sosyal at ekomomikong mobilidad nang mabalitaan nila ang tungkol sa bagomg lugar na tirahan ng kanilang mga kamag-anak na lumikas sa Mindanao. Ang paglipat ng tirahan ng mga B'laan ay prosesong paglikha ng desisyon na isang pampamilyang usapin na may kaugnayan sa kapakanan ng pamilya. Nangangailangan ito ng masusing pagtitimbang-timbang sa mga bentahe kontra sa mga sagabal o hadlang.

Isang dahilan ng paglalakbay ng mga B'laan ay paghahanap ng mas magandang tirahan at mas malaking oportunidad na makapaghanapbuhay. Ang Pisan ay may magandang kagubatan na maaari nilang maipagpatuloy at maisagawa ang kanilang kinagisnang gawain sa pang-araw-araw at ang kanilang pangunahing ikinabubuhay tulad ng pangangaso, pagtatanim ng bungang-kahoy at iba pa.

Ang pagpapakasal ay isang paraan ng pananatili ng lalaki sa isang partikular na lugar. Kapag nagpakasal ang lalaking B'laan sa isang babaeng taga-ibang lugar, bahagi ng kultura ang lalaki na manirahan sa lugar ng kanyang napangasawa. Isa pang paraan ay sa pamamagitan ng pagbubungkal ng bahagi ng lupang walang naninirahan.

Ang pangyayari sa pangkat ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato ay maaaring maihambing sa naranasan ng mga Ilocanong nanggaling sa Luzon na naglakbay patungong ibang bansa o ibang panig ng Visayas at Mindanao upang makahanap ng bagong tirahan na makapagbibigay ng kabuhayan (Bautista,2018). Nang maranasan ang mas magandang buhay sa bagong tirahan, inimbata ang kanilang mga kamag-anak upang makasama ang mga ito.

Ganito rin ang ginawa ng mga B'laan sa Pisan. Sila'y nagsama-sama sa isang bahagi ng barangay. Nagtayo ng mga bahay na gawa sa katulad na materyales na buhat sa kagubatan tulad ng kogon na may kaparehong arkitektura. Ipinagpatuloy pa rin ang mga ritwal na siya nilang kinagisnan. Kahit papaano ay natagpuan nila ang katahimikan sa tagong bahagi ng Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato na maaaring ipagpatuloy ang buhay kasama ng kanilang mga pamilya at kamag-anak.

Ayon sa impormante, taong 2000, nagkaroon ng kaguluhan sa lugar ng mga Blaen sa Pisan. Dito nagkaroon ng operasyon ang mga army scout ranger. Ito ang ikalawang pagkakataon na pag-alis ng mga B'laan sa Pisan at ang ilan naman ay nanatili dito. Nang maayos na, humingi ng tulong ang isang matandang Blaen sa opisyal ng baranggay kaya't tinulungan na bumalik sa Pisan ang mga Blaen na pansamantalang bumalik muna sa kanilang pinanggalingang lugar para sa kanilang kaligtasan. Isinakay sila sa trak pabalik sa Pisan.

Paunti-unti ang pagdating ng mga B'laan sa Pisan. Mula sa iilang pamilya ay unti-unting lomobo ang kanilang populasyon. Ang ilan ay ipinanganak na dito.

Isa rin sa paktor ng pagdami nila ay ang lokasyon ng lugar. Dahil sa pagbabago ng panahon, kailangan nilang sumabay sa makabago ring pangangailangan sa araw-araw na pamumuhay nila upang mapadali ang lahat.

Sa kasalukuyan, may tinatayang limampu't pitong pamilyang Blaen ang nakatira sa Pisan, Kabacan, Cotabato at mayroong dalawang daan hanggang tatlong daan na katao.

Maraming mga Kwentong Bayan ng mga Blaen ang kinapapalooban ng tungkol sa paglalakbay ng mga tauhan. Maraming pagkakataon sa bahagi ng mga kuwento na ang tauhan ay nililisan ang tahanan o lugar upang pumunta sa kagubatan o pumunta sa ibang lugar. Katulad ng mga Blaen sa Pisan na nakaranas maglakbay hanggang sa marating nila ang Pisan.

Isang dahilan ng mga paglalakbay ng tauhan ay paghahanap ng pagkain. Kinakailangang maglakbay tungo sa ibang lugar para mabuhay. Tulad na lamang ng alamat na Ang Usa (*Sladang*) na patungkol sa paglalakbay ng tauhan dahil sa paghahanap ng makakain. Narito ang sipi mula sa kwento:

May dalawang tao na pinangalanang Fye We at Sedak We. Isang araw naghanap ng makakain si Fye We hanggang sa naisip niyang pumunta sa isang gubat upang maghanap ng usa. Doon sa gubat na kanyang pupuntahan, apat na bundok ang kanyang lalakbayin upang marating ito. Sa unang bundok na kanyang narating, wala siyang nakitang usa.

Pumupunta si Fye We sa iba't ibang gubat upang maghanap ng usa. Kailangan pa niyang maglakbay para lamang siya'y makakain.

Tulad din ng tauhan sa salaysaying Ang Matandang Lalaki (*Tuha Loge*) na naglalakbay din sa kabundukan upang maghanap ng pagkain. Mababasa sa ibaba ang bahaging nagpapakita ng paglalakbay ng matandang lalaki:

Lumisan na ang matanda at nagsimulang maglakbay sa kabundukan upang maghanap ng baboy damo o anumang hayop sa gubat. Maya-maya, nakarinig siya ng kaluskos.

May mga pagkakataon ding buong pamilya ang maglalakbay dahil sa hira ng buhay ng mag-anak. Kinakailangan nilang maghanap ng pagkain sa ibang lugar. Tulad na lamang ng alamat na Taggutom (*Akdaw Fule*) na nakaranas ng matinding gutom ang mag-anak kaya't nagpasya ang haligi ng tahanan na maglakbay upang makapaghanap ng makakain. Narito ang bahagi ng alamat na nagpapakita ng paglalakbay ng tauhan:

Sa hindi matukoy na panahon, may isang malaking pangyayari sa kasaysayan ng mundo na tinatawag na *akdaw fule* (mahabang panahon ng taggutom). Nalanta at namatay ang mga damo at kahoy sa paligid at natuyo ang lahat ng ilog. Napakaraming mga tao ang namatay dahil sa gutom. May mag-asawa na may tatlong anak na nangangarap na makakain upang maibsan ang kanilang pagkagutom. Namroblema ang kanilang ama kung papaano niya mapapakain ang kanyang mga anak. “Sumama kayo sa akin, pupunta tayo sa Lobe, isang lugar kung saan tayo maghahanap ng makakain”, sabi ng ama. “Sige tay, gutom na gutom na kami, kahit tubig man lang sana. Limang gabi na tayong hindi kumakain”, sagot ng mga anak. Naglakbay na nga ang mag-anak at sa ikapitong araw ng kanilang

paglalakbay, nakakita sila ng isang puno na may ubodat tinawag niya itong *kol* (niyog).

May mga pangyayari ring bumabalik sa pinanggalingang lugar ang mga B'laan na naglakbay. Bumabalik sila sapagkat nagkaroon na ng katahimikan o kaayusan sa lugar. Maaari ng mapagkunan ng pagkain ang lugar na pinagmulan kaya't nagbabalik sila dito. Tulad ng pamilya sa alamat na Taggutom (*Akdaw Fule*) na nagbalik sa kanilang tahanan nang matapos ang matinding taggutom. Ipinakita sa bahaging ito ang pagbabalik ng mag-anak:

Habang sila'y nasa Lobe, bigla na lamang lumakas ang hangin. Kumulog at kumidlat ang kalangitan at sinabi ng lalaki sa kanyang asawa at mga anak, "Magligpit kayo at tayo'y uuwi na kahit pa abutan tayo ng ulan dito sa kagubatan." Umuwi na nga ang mag-anak at dinala nila ang ubod at dagta ng *kol* (niyog). Pagdating nila sa kanilang bahay, biglang bumuhos ang napakalakas na ulan. Tuwang-tuwa ang lalaki sapagkat maaari na siyang magtrabaho at maaari na ring mag-ani.

Tulad ng mga B'laan sa Pisan na nakaranas ng paglalakbay, ang ilan sa mga ito ay nagbalik sa lugar na pinanggalingan nang matapos ang kaguluhang nagaganap. Ang ilan nama'y pinili nang manatili sa Pisan dahil maayos na ang kanilang pamumuhay.

Kung minsan ang paglalakbay ay dahil sa mga dadaluhang pagdiriwang ang mga B'laan. Pinauunlakan nila ang mga imbitasyon ng ibang kamag-anak o kakilala upang makasalamuha sila at makapagdiwang na magkakasama. Tulad ng kwentong Ang Ulyaning Matanda at si Datu Koloel(*Tuha Lebon na Loge Dnatu Koloel*).Mababasa sa bahaging ito:

Sinimulan na ng matanda ang kanyang paglalakbay hanggang sa narating niya ang pangalawang bukid. Siya'y papalapit sa lugar na kanyang pupuntahan.

Ang salaysaying Ang Pag-ibig na Nabuo sa Snaal Kuhan (*Kassiwat Be Snaal Kuhan*) ay naglalaman din ng tungkol sa paglalakbay ng tauhan dahil sa pagdalo ng isang piging *o kanduli*. Mababasa ito sa unang bahagi ng kwento:

Isang araw, ang reyna at ang kanyang anak na prinsesa ay inanyayahang dumalo sa isang piging (*kanduli*) sa lugar na kung tawagin ay Snaal Kuhan. Ang pagdiriwang na ito ay ginaganap tuwing patapos na ang anihan.

Habang sila'y naglalakbay, nagreklamo ang prinsesa sa kanyang ina. Sinabi niya, “Ina, maaari na po ba tayong magpahinga.

Ang mga B’laan ay malugod na tinatanggap ang pag-iimbata ng mga kamag-anak o iba pang kakilala bilang pagpapakita na rin ng paggalang sa mga ito at bahagi na rin ng kanilang pakikipagkapawa-tao. Hindi alintana ang layo ng lugar na lalakbayin. Ang mahalaga ay makarating sa takdang panahon ng pagdiriwang. At dahil bahagi na rin ng kaugalian ng mga B’laan ang pagiging mapagmahal sa pamilya o kamag-anak, may mga pagkakataong iniimbata na rin nilang manirahan sa lugar ang kanilang mga kamag-anak upang sama-samang bumuo ng munting pmayanan. Katulad ng naging karanasan ng mga B’laan sa Pisan na mula sa iisang B’laan na nagpasyang manirahan dito, inimbata ang kamag-anak hanggang sa dumami ang populasyon ng B’laan sa nabanggit na lugar.

Sa salaysaying Inggiterang Babae (*Lebon Mafe Nawa*), ay kinapapalooban din ng tungkol sa paglalakbay ng tauhan dahil sa imbitasyon ng mga kamag-anak na dumalo sa isang piyesta. Ito ang paglalahad sa kwento:

Isang lalaki ang dumalo sa piyesta sa Bolol Msayog. Iniwan niya sa kanilang bahay ang kanyang asawa, anak at ang isang kasambahay na si Lebon Snolong na tagabantay sa kanyang anak.

Ang salaysaying Si Taliley (*Taliley*) ay kababasahan din ng tungkol sa paglalakbay ng mga B’Laan. Ito ay mababasa sa unang bahagi ng kwento:

Si Taliley ay isang taong may kakayahang gumawa ng kabutihan at siya rin ay matulungin sa kapwa. Isang araw, bumisita siya sa isang lugar kung saan nakatira ang isang mayamang Datu.

May mga nagpaiwan pa rin sa kani-kanilang mga lugar sa kabila ng pag-iimbata ng kanilang mga kamag-anak na lumikas at samahan silang mamuhay sa Pisan. Tulad din ito ng mga tao sa alamat na Bnoleng. Hinihimok niyang sumama sa kanya sa langit ang mag-asawa nang sa gayo'y magkaroon sila ng mas maaayos, mas maganda at mas tahimik na buhay sa langit ngunit hindi niya ito naisama dahil sa hindi inaasahang manganganak ang babae. Mababasa ito sa bahaging:

Si Bnoleng ay isang taong may kapangyarihan at maaari siyang makaakyat sa langit. “Sasama ba kayo sa akin papuntang langit?,” minsan naitanong ni Bnoleng sa isang mag-asawa. Sumagot ang babae, “Hindi ako maaaring sumama dahil buntis ako”. Pero hindi naniwala si Bnoleng at dinala ang buntis sa langit. Nang nasa kalagitnaan pa lamang sila ng langit at lupa, biglang nanganak ang babae. Nagalit siya kay Bnoleng dahil pinilit siya nitong sumama. Nagalit si Bnoleng sa babae at kanya itong inihulog pabalik sa lupa at pinakawalan ang sumpang, “Ikaw babae magiging *mal* (tarsier) ka. Magtiis ka diyan sa lupa, dahil tinapunan mo ako ng bahay bata. Lahat ng tao sa mundo ay hindi na maaaring pumunta sa langit

Ipinakita sa kuwento na pinipiling manatili sa lugar dahil sa kalagayang pangkalusugan o sitwasyon. Naging komportable na sila sa lugar kung saan sila naninirahan sa kasalukuyan. Katulad ng buntis na babae na ayaw sumama sa langit dahil anomang oras ay manganganak na siya. Ito ay isang desisyon na sa palagay niya ay mas makabubuti sa kanya.

Maraming bahagi sa mga kuwento na nagsalaysay ng paglalakbay ng mga tauhan. Sila ay may kanya-kanyang dahilan kung bakit sila lumikas ng tirahan. Mainam na nakahanap sila ng tahimik na lugar kung saan sila rin ay tinanggap ng mga dinatnan nila sa pook na ito. Sila'y may maayos na relasyon sa mga taga Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato at payapang naghahanap-buhay sa pamamagitan ng pagtatanim ng mais at iba pang mga pananim. Maaaring may hindi sila naging magandang karanasan sa pinanggalingan nilang lugar ngunit nakahanap sila ng lugar kung saan bumuo sila ng panibagong pangarap at pag-asa.

IV. KONKLUSYON

Napatunayan na maaaring matalunton ang kasaysayan ng Blaan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato sa kanilang Kuwentong Bayan. Ipinakitang ang kanilang paglalakbay ay bunga ng kanilang mga pangangailangan at karanasan na pangunahing iniuugnay sa proseso ng pagbuo ng kanilang pamayanan sa Pisan.

TALASANGGUNIAN

- [1.] Arellano, B. M., III. (2022). *The history of migration settlement of Ilonggo people in Tacurong, Cotabato (1930s–1970s)*. *UP Los Baños Journal*, 20(1), 23–53. https://www.researchgate.net/publication/371024411_UP_LOS_BANOS_JOURNAL_THE_HISTORY_OF_MIGRATION_SETTLEMENT_OF_ILONGGO_PEOPLE_IN_TACURONG_COTABATO_1930s-1970s
- [2.] Bautista, Elma P. (2024). Iliw: Longing and belonging in Ilokano narratives of displacements. *International Journal of Humanities, Philosophy and Languages (IJHPL)*, 1(4). Retrieved from <https://gaexcellence.com/ijhpl/article/view/354>
- [3.] Benito, N. B. (2020). Text and context of the Blaan's folk literature. *JPAIR Multidisciplinary Research*, 40(1), 56–66. <https://doi.org/10.7719/jpair.v40i1.771>
- [4.] Bruchac, M., Martindale, A., Nicholas, G., & Supernant, K. (Eds.). (2024). *The Oxford handbook of indigenous oral traditions and archaeology*. Oxford University Press. <https://doi.org/10.1093/oxfordhb/9780197557686.001.0001>
- [5.] Sumaljag, M. V. O. (2009). *Blaan oral narratives and their educational implications*. *JPAIR Multidisciplinary Research*, 2(1), 289–298. <https://doi.org/10.7719/jpair.v2i1.75>
- [6.] Trocio, J. V., Campos, E. L., & Yu, A. L. E. (2023). *Cultural motifs in Blaan flalok: Revitalization of oral lore for preservation, development, and sustainability*. *Southeastern Philippines Journal of Research and Development*, 28(2), 13–25. <https://doi.org/10.53899/spjrd.v28i2.253>
- [7.] UNESCO. (n.d.). *Oral traditions and expressions, including language as a vehicle of the intangible cultural heritage*. <https://ich.unesco.org/en/oral-traditions-and-expressions-00053>

-
- [8.] United Nations Human Rights Council. (2016). *Report of the special rapporteur on the human rights of internally displaced persons on his mission to the Philippines (A/HRC/32/35/Add.3)*
https://documents.un.org/doc/undoc/gen/g16/068/60/pdf/g1606860.pdf?OpenElement=&utm_source